**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**BATANGAS CITY**

**OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**EXCERPT FROM THE MINUTES OF THE REGULAR SESSION HELD BY THE MEMBERS OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD OF BATANGAS CITY ON MARCH 26, 2024 VIA ZOOM**

**PRESENT:**

| | |
|---|---|
| Hon. Alyssa Renee A. Cruz | Presiding Officer |
| Hon. Hamilton G. Blanco, | Sangguniang Panlungsod Member |
| Hon. Karlos Emmanjuel A. Buted, | " |
| Hon. Andrea Loise F. Macaraig, | " |
| Hon. Nestor E. Dimacuha, | " |
| Hon. Oliver Z. Macatangay, | " |
| Hon. Armando C. Lazarte, | " |
| Hon. Nelson J. Chavez, | " |
| Hon. Jose Jonash Luis F. Tolentino, | " |
| Hon. Zester Carlo M. Hernandez, | " |
| Hon. Isidra "Ched" M. Atienza, | " |
| Hon. Lorenzo A. Gamboa, Jr., | " |
| Hon. Michael C. Villena, | " |
| Hon. Angelito Dondon A. Dimacuha, | Liga ng mga Barangay President |
| Hon. Marcus Manuel D. Castillo. | SK Pederasyon President |

"On motion of SP Member Lazarte duly seconded, the following Resolution was Adopted:

**RESOLUTION NO. 22-159 S. 2024**

**APPROVING BARANGAY ORDINANCE NO. 1 S. 2024 OF BARANGAY TINGA LABAC, BATANGAS CITY ENTITLED: "SUSOG SA ORDINANSA BILANG 2 SERYE 2019 NA NAGTATAKDA NG SINGIL SA BARANGAY CLEARANCE AT NAGBIBIGAY KAPANGYARIHAN SA PAMBARANGAY NA INGAT-YAMAN NA KOLEKTAHIN ANG BARANGAY CLEARANCE FEE AT MAG-ISYU NG BARANGAY CLEARANCE"**

**RESOLVED**, to approve Barangay Ordinance No. 1 S. 2024 of Barangay Tinga Labac, Batangas City entitled: "Susog sa Ordinansa Bilang 2 Serye 2019 na Nagtatakda ng Singil sa Barangay Clearance at Nagbibigay Kapangyarihan sa Pambarangay na Ingat-Yaman na Kolektahin ang Barangay Clearance Fee at Mag-isyu ng Barangay Clearance".

**UNANIMOUSLY APPROVED."**

---

I hereby certify that the foregoing Resolution No. 22-159 S. 2024 was approved by the Sangguniang Panlungsod of Batangas City during its Regular Session held on March 26, 2024.

**GERARDO M. DIMAANO**
Board Secretary III

**NOTED:**

**ATTY. OLIVA D. TELEGATOS**
Secretary

**ATTESTED:**

**ATTY. ALYSSA RENEE A. CRUZ**
Presiding Officer

Agenda - March 26,

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
PROVINCE OF BATANGAS
CITY OF BATANGAS
BARANGAY TINGA LABAC

**OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANGLUNGSOD**
**BATANGAS CITY**

To whom it may concern:

Greetings!

This is to officially endorse to your good office the copy of our BARANGAY ORDINANCE NO. 1 S. 2024 **"SUSOG SA ORDINANSA BILANG 2 SERYE 2019 NA NAGTATAKDA NG SINGIL SA BARANGAY CLEARANCE AT NAGBIBIGAY KAPANGYARIHAN SA PAMBARANGAY NA INGAT-YAMAN NA KOLEKTAHIN ANG BARANGAY CLEARANCE FEE AT MAG-ISYU NG BARANGAY CLEARANCE"** requesting for your approval.

Thank you very much.

Respecfully yours,

**MARCELINO M. TELEGATOS**
Punong Barangay

RECEIVED
BY: [signature]
DATE/TIME: 3/20/2024 - 9:17 AM

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Batangas
Lungsod ng Batangas
BARANGAY TINGA LABAC

**BARANGAY ORDINANSA BLG.1 S. 2024**

**SUSOG SA ORDINANSA BILANG 2 SERYE 2019 NA NAGTATAKDA NG SINGIL SA BARANGAY CLEARANCE AT NAGBIBIGAY KAPANGYARIHAN SA PAMBARANGAY NA INGAT-YAMAN NA KOLEKTAHIN ANG BARANGAY CLEARANCE FEE AT MAG-ISYU NG BARANGAY CLEARANCE**

**SAPAGKAT,** sa ilalim ng Seksyon 152 © ng R.A 7160 ng Local Government Code of 1991 ay binigyan ng kapangyarihang Barangay na magbigay ng clearance para sa anumang lisensya o permit, negosyo o gawain na nasasakupan ng barangay para sa layuning ito, ang Barangay ay maaaring maningil ng Barangay Clearance Fee sa halagang maituturing na makatarungan;

**SAPAGKAT,** sa ilalim ng Seksyon 11 (f) ng RA 11032 Ease of Doing Business and Efficient Government Service Delivery Act of 2018 na nag-amyendasa RA 9485 (The Anti Red Tape Act of 2007) ay binigyan ng kapangyarihan ang Pamahalaang Lungsod na tumanggap ng application at mag-isyu ng Barangay Clearance at permit para sa mga negosyo at gawain sa nasasakupan ng barangay, at mangulekta ng Barangay Clearance Fee sang-ayon sa angkop na halagang itinakda ng Barangay;

**SAPAGKAT,** sapamamagitan ng Joint Memorandum Circular No. 2019-001 series of 2019 ng Anti Red Tape Authority, Civil Service Commission at Department of Trade ang Industry ay itinakdaang implementing Rules and Regulation ng RA No. 11032 upang ipatupad sa lahat ng ahensya ng pamahalaan, kasama ang mga barangay bilang local government units, namagbibigay ng serbisyong may kaugnayan sa pagnenegosyo at katulad na gawain;

**SAPAGKAT,** naniniwala at nakikiisa ang Barangay Tinga Labac sa mga layunin ng RA 11032 para sapagbibigay ng mabilis, epektibo at matapat na serbisyo publiko;

**DAHIL DITO,** itinakda ng Sangguniang Barangay ang sumusunod:

**Seksyon 1.** Maikling Pamagat – Ang Ordinansang ito ay makikilala at tatawaging Barangay Clearance Ordinance ng Barangay Tinga Labac.

**Seksyon 2.** Nasasaklaw – Ang Ordinansang ito ay sumasaklaw sa pag-iisyu ng Barangay Clearance at paniningil sa **Barangay Clearance Fee** para sa anumang negosyo, trabaho o gawain sa nasasakupan ng Barangay Tinga Labac Lungsod ng Batangas.

**Seksyon 3.** Kahulugan ng mga salita – Kapag ginamit sa Ordinansang ito, ang mga sumusunod na salita ay may kahulugan:

a. **Barangay Clearance** – kasulatan na nagpapatunay na ang binigyan ay walang anumang pananagutang administrado, sibil o criminal, sa anumang legal na hadlang upang makapagsagawa ng negosyo, gawain, trabaho at iba pang katulad nito sa nasasakupan ng barangay.
b. **Barangay Clearance Fee** – halaga ng singil ng Barangay Clearance para sa pagbibigay ng Barangay Clearance Fee.
c. **Electronic Signature** – lagda ng Barangay Official na may kapangyarihang mag-isyu ng Barangay Clearance na nakatatak na sa electronic copy ng Barangay Clearance.
d. **Negosyo** – anumang legal nagawain o trabaho o transaksyon na gumagamit ng puhunan o capital at naglalayong kumita ng tubo o profit.

**Seksyon 4.** Pagpapataw ng Halaga ng Barangay Clearance ang sumusunod na takdang singil para sa Barangay Clearance:

| | |
|---|---|
| a. General Merchandise/Hardware | Php 2,000.00 |
| b. Sari-sari Store with rice | Php 500.00 |
| c. Sari-sari Store | Php 200.00 |
| d. Feeds Store | Php 1,000.00 |
| e. Carinderia | Php 500.00 |
| f. Restaurant | Php 1,000.00 |
| g. Store with Carinderia | Php 500.00 |
| h. Pagawaan | Php 1,000.00 |
| i. Computer Shop | Php 1,000.00 |
| j. Games and Amusements | Php 500.00 |
| k. Motor Works/Motor Shop | Php 1,000.00 |
| l. Boarding House | |
| l.a 1-5 Rooms | Php 300.00 |
| l.b 6-10 Rooms | Php 800.00 |
| l.c 11 Rooms and Above | Php 1,000.00 |
| m. House for Rent | Php 500.00 |
| n. Apartment | |
| n.a 1-5 Doors | Php 500.00 |
| n.b 6-10 Doors | Php 1,000.00 |
| n.c 11 Doors and Above | Php 1,500.00 |
| o. Two Storey House or Apartments | Php 1,000.00 |
| p. Hotels/Lodging Inn | Php 2,000.00 |
| q. Clubs | Php 2,000.00 |
| r. Warehouse | Php 2,000.00 |
| s. Trading/Services | Php 500.00 |
| t. Car Wash | Php 500.00 |
| u. Building Permit | Php 1,000.00 |
| v. Kagamitang Mekanikal | Php 300.00 |
| w. Hog Raising | Php 2,000.00 |
| x. Fighting Cock Raising | Php 500.00 |
| y. Permit sa Paghuhukay | Php 2,000.00 |
| z. Micro Finance | Php 1,000.00 |
| aa. Fabrication | Php 1,500.00 |
| ab. Poultry | Php 1,000.00 |
| ac. Sandblasting | Php 3,000.00 |

ad. Gasoline Station Php 2,000.00
ae. Pagpapatayo ng mga bagong bahay at commercial building Php 5,00.00
af. Pagpapatayo ng mga extension ng bahay o building Php 500.00
ag. Garbage Collection Php 500.00
ah. Barangay Clearance sa mga nagtatrabaho sa Barangay Php 100.00
ai. Mga Barangay Clearance sa Anumang Kadahilanan o layuning legal Php 100.00
aj. Buwis sa lahat ng tindahan o magtitingi na ang kabuuang kita ay hindi lalagpas sa Php 50,000.00 (1%)
ak. Resorts Php 800.00
al. Talyer, auto repair shop, welding shop,fabrication shop, mga ka-uri nito Php 500.00
am. At iba pang mga negosyo na hindi nabanggit na na nangangailangan ng barangay clearance Php 500.00

**Seksyon 5.** Panahon ng Pagkuha ng Barangay Clearance - Lahat ng negosyo, gawain o trabaho sa nasasakupan ng Barangay Tinga Labac ay kailangang kumuha ng Barangay Clearance bago magsimula ang operasyon ng kanilang negosyo, gawain o trabaho. Para sa renewal ng permit ng negosyo, gawain o trabaho, ang Barangay Clearance ay kailangang kuhanin sa buwan ng Enero ng bawat taong renewal.

**Seksyon 6.** Pagbibigay ng kapangyarihan sa Ingat-Yaman ng Lungsod - Ang Ingat-Yaman ng Lungsod (City Treasurer) ay binibigyan ng karapatan ng Barangay Tinga Labac na mag-isyu ng electronic copy, o electronic generated/printed copy ng Barangay Clearance na mayroon ng electronic signature ng Punong Barangay, para lamang sa Business Permit o renewal ng Business Permit. Binibigyan din ng pahintulot ang ingat-yaman ng Lungsod na kolektahin ang angkop na halaga o singil sa Barangay Clearance ng negosyo at mag-isyu ng resibo para sa Barangay. Ang kabahagi ng Barangay sa nakolektang halaga ng Barangay Clearance na na-isyu ng City Treasurer ay isusulit sa Barangay o idedeposito sa angkop na barangay account sa loob ng pitong (7 days) working days mula sa araw ng pagkolekta.

**Seksyon 7.** Tungkulin ng Pamunuan ng Barangay-Tungkulin ng lahat ng namumuno o opisyal ng Barangay ng magsagawa ng pagpapalaganap ng impormasyon para sa epektibong pagpapatupad ng Ordinansang ito.

**Seksyon 8.** Talatang nagbubukod - Kung sa anumang dahilan at alinmang bahagi ng Ordinansang ito ay mapatunayang labag sa Saligang Batas o mapawalang bisa ang ibang bahagi nito na hindi saklaw ng paglabag ay magpapatuloy sa pagkakabisa.

**Seksyon 9.** Talatang ng papawalang bisa - Lahat ng probisyon ng anumang Ordinansa, resolusyon o atas pampangasiwaan ng barangay na sumasalungat o hindi umaayon sa Ordinansang ito ay mawawalang bisa o kaya ay mababago.

**Seksyon 10.** Pagkakabisa - Ang Ordinansang ito ay magkakabisa simula sa araw na pinagtibay ng Sangguniang Barangay ng Brgy. Tinga Labac, Lungsod ng Batangas.

Pinagtibay ng Sangguniang Barangay ng Tinga Labac, Lungsod ng Batangas nitong ika-16 ng Pebrero, 2024.

Nagpapatunay:

Carminellie G. Magadia
Kalihim ng Barangay

**PINAGTIBAY:**

**KGG. FILSON D. CATAPANG**
Kagawad

**KGG. ARNOLD M. BUGHAW**
Kagawad

**KGG. DARIO M. MAGADIA**
Kagawad

**KGG. RICARDO C. PUYO**
Kagawad

**KGG. SUSAN S. DE TORRES**
Kagawad

**KGG. GLENN S. CLOSA**
Kagawad

**KGG. DANILO D. CATAPANG**
Kagawad

**KGG. TRISHA C. ANTE**
SK Chairperson

**KGG. MARCELINO M. TELEGATOS**
Punong Barangay

Republika ng Pilipinas
Barangay Tinga Labac
Lungsod ng Batangas

## BARANGAY ORDINANSA BLG. 2 S. 2019

## ORDINANSANG NAGTATAKDA NG SINGIL SA BARANGAY CLEARANCE AT NAGBIBIGAY KAPANGYARIHAN SA PANLUNGSOD NA INGAT-YAMAN NA KOLEKTAHIN ANG BARANGAY CLEARANCE FEE AT MAG-ISYU NG BARANGAY CLEARANCE

**SAPAGKAT,** sa ilalim ng Seksyon152 (c) ng RA 7160 ng Local Government Code of 1991 ay binigyan ng kapangyarihan ang Barangay na magbigay ng clearance para sa anumang lisensya o permit, negosyo o Gawain na nasasakupan ng barangay para sa layuning ito, ang Barangay ay maaaring maningil ng Barangay Clearance Fee sa halagang maituturing na makatarungan;

**SAPAGKAT,** sa ilalim ng Seksyon 11 (f) ng RA 11032 (Ease of Doing Business and Efficient Government Service Delivery Act of 2018) na nag-amyenda sa RA 9485 (The Anti Red Tape Act of 2007) ay binigyan ng kapangyarihan ang Pamahalaang Lungsod na tumanggap ng application at mag-isyu ng Barangay Clearance at permit para sa mga negosyo at gawain sa nasasakupan ng barangay, at mangulekta ng Barangay Clearance Fee sang-ayon sa angkop na halagang itinakda ng Barangay;

**SAPAGKAT,** sa pamamagitan ng Joint Memorandum Circular No. 2019-001 Series of 2019 ng Anti Red Tape Authority, Civil Service Commission at Department of Trade and Industry ay itinakda ang Implementing Rules and Regulation ng RA No. 11032 upang maipatupad sa lahat ng ahensya ng pamahalaan, kasama ang mga barangay bilang local government units, na magbibigay ng serbisyong may kaugnayan sa pagnenegosyo at katulad na gawain;

**SAPAGKAT,** naniniwala at nakikiisa ang Barangay Tinga Labac sa mga layunin ng RA 11032 para sa pagbibigay ng mabilis, epektibo at matapat na serbisyo publiko;

**DAHIL DITO,** itinakda ng Sangguniang Barangay ang sumusunod:

**Seksyon 1.** Maikling Pamagat – Ang Ordinansang ito ay makikilala at tatawaging Barangay Clearance Ordinance ng Barangay Tinga Labac.

**Seksyon 2.** Nasasaklaw – Ang Ordinansang ito ay sumasaklaw sa pag-iisyu ng Barangay Clearance at paniningil sa Barangay Clearance Fee para sa anumang negosyo, trabaho o gawain sa nasasakupan ng Barangay Tinga Labac, Lungsod ng Batangas.

**Seksyon 3.** Kahulugan ng mga Salita – Kapag ginamit sa Ordinansang ito, ang mga sumusunod na salita ay may kahulugan na:

a. Barangay Clearance – kasulatan na nagpapatunay na ang binigyan ay walang anumang pananagutang administratibo, sibil o criminal, sa o anumang legal na hadlang upang makapagsagawa ng negosyo, gawain, trabaho at iba pang katulad nito sa nasasakupan ng barangay.

b. Barangay Clearance Fee – halaga ng singil ng Barangay Clearance para sa pagbibigay ng Barangay Clearance Fee.

c. Electronic Copy (E-copy) ng Barangay Clearance – kopya ng Barangay Clearance na makikita sa paggamit ng electronic equipment o tools, at maaaring pagkunan ng printed o hard copy.

d. Electronic signature – lagda ng barangay official na may kapangyarihang mag-isyu ng Barangay Clearance na nakatatak na sa electronic copy ng Barangay Clearance.

e. Negosyo – anumang legal na gawain o trabaho, o transaksyon na gumagamit ng puhunan o capital at naglalayong kumita ng tubo o profit.

**Seksyon 4.** Pagpapataw ng Halaga ng Barangay Clearance ang sumusunod na takdang singil para sa Barangay Clearance:

| | | |
|---|---|---|
| a. | General Merchandise/Hardware | P 2,000..00 |
| b. | Sari-sari Store with rice | P 500.00 |
| c. | Sari-sari Store | P 200.00 |
| d. | Feeds Store | P 1,000.00 |
| e. | Restaurant | P 1,000.00 |
| f. | Carinderia | P 500.00 |
| g. | Store and Carinderia | P 500.00 |
| h. | Pagawaan | P 1,000.00 |
| i. | Computer Shop | P 1,000.00 |
| j. | Games and Amusements | P 500.00 |
| k. | Motor Works/Motor Shop | P 1,000.00 |
| l. | Boarding House (room) | P 300.00 |
| m. | House for Rent / House | P 500.00 |
| n. | Apartments/door | P 500.00 |
| o. | House/Apartments/Two Storey | P 1,000.00 |
| p. | Hotels/ Lodging Inn | P 2,000.00 |
| q. | Clubs | P 2,000.00 |
| r. | Warehouse | P 2,000.00 |
| s. | Trading/Services | P 500.00 |
| t. | Car Wash | P 500.00 |
| u. | Building Permit | P 1,000.00 |
| v. | Kagamitang Mekanikal | P 300.00 |
| w. | Hog Raising | P 2,000.00 |
| x. | Fighting Cock Raising/Per Head | P 50.00 |
| y. | Permit sa Paghuhukay | P 2,000.00 |
| z. | Micro Finance | P 1,000.00 |
| aa. | Fabrication | P 1,500.00 |
| ab. | Poultry | P 1,000.00 |
| ac. | Sanblasting | P 3,000.00 |
| ad. | Gasoline Station | P 2,000.00 |
| ae. | Pagpapatayo ng mga bagong bahay at commercial building | P 500.00 |
| af. | Garbage Collection | P 300.00 |
| ag. | Barangay Clearance sa mga nagtatrabaho sa barangay | P 100.00 |
| ah. | Mga Barangay Clearance sa Anumang Kadahilanan | P 100.00 |
| ai. | Buwis sa lahat ng tindahan o magtitingi na ang kabuuang kita ay hindi lalagpas sa P1,000.00 | P100,000.00(1%) |

**Seksyon 5.** Panahon ng Pagkuha ng Barangay Clearance – Lahat ng negosyo, gawain o trabaho sa nasasakupan ng Barangay Tinga Labac ay kailangang kumuha ng Barangay Clearance bago magsimula ng operasyon ng kanilang negosyo, gawain o trabaho. Para sa renewal ng permit ng negosyo, gawain o trabaho, ang Barangay Clearance ay kailangang kuhanin sa buwan ng Enero ng bawat taon ng renewal.

**Seksyon 6.** Pagbibigay ng kapangyarihan sa Ingat-Yaman ng Lungsod – Ang Ingat-Yaman ng Lungsod (City Treasurer) ay binibigyan ng karapatan ng Barangay Tinga Labac na mag-isyu ng electronic copy, o electronic generated/printed copy ng Barangay Clearance na mayroon ng electronic signature ng Punong Barangay, para lamang sa Business Permit o renewal ng Business

Permit. Binibigyan din ng pahintulot ang Ingat-yaman ng Lungsods na kolektahin ang angkop na halaga o singil sa Barangay Clearance ng negosyo at mag-isyu ng resibo para sa Barangay. Ang kabahagi ng Barangay sa nakolektang halaga ng Barangay Clearance na nai-isyu ng City Treasurer ay isusulit sa Barangay o idedeposito sa angkop na barangay account sa loob ng pitong (7 days) working days mula sa araw ng pagkolekta.

**Seksayon 7.** Tungkulin ng Pamunuan ng Barangay – Tungkulin ng lahat ng namumuno o opisyal ng Barangay na magsagawa ng pagpapalaganap ng impormasyon para sa epektibong pagpapatupad ng Ordinansang ito.

**Seksyon 8.** Kaparusahan – Ang sinumang lalabag sa Ordinansang ito sa pamamagitan ng hindi pagbabayad ng itinakdang halaga ng Barangay Clearance, pagbabayad ng hindi sapat na halaga, o hindi pagbabayad sa itinakdang panahon ng pagbabayad ay papatawan ng multa na nagkakahalaga ng 25% ng halagang dapat bayaran o pagpapasara ng negosyo, gawain o trabaho, sang-ayon sa antas/tindi (gravity) ng paglabag.

**Seksyon 9.** Talatang nagbubukod – Kung sa anumang dahilan at alinmang bahagi ng Ordinansang ito ay mapatunayang labag sa Saligang Batas o mapawalang bisa ang ibang bahagi nito na hindi saklaw ng paglabag ay magpapatuloy sa pagkakabisa.

**Seksyon 10.** Talatang nagpapawalang bisa – Lahat ng probisyon ng anumang Ordinansa, resolusyon o atas pampangasiwaan ng barangay na sumasalungat o hindi umaayon sa Ordinansang ito ay mawawalang bisa o kaya ay mababago.

**Seksyon 11.** Pagkakabisa – Ang Ordinansang ito ay magkakabisa simula sa araw na pinagtibay ng Sangguniang Barangay ng Brgy. Tinga Labac, Lungsod ng Batangas.

**Petsa ng Pinagtibay: Enero 5, 2020**

**Nagpapatunay:**

**MARICRIS M. CATAPANG**
**Kalihim ng Barangay**

**PINAGTIBAY:**

**KGG. RICARDO C. PUYO**
**Kagawad**

**KGG. DIEGO D. MAGADIA**
**Kagawad**

**KGG. APOLONIA A. BEREDO**
**Kagawad**

**KGG. FILSON D. CATAPANG**
**Kagawad**

**KGG. CANUTO S. DELGADO JR.**
**Kagawad**

**KGG. SEVERINO M. ARDID**
**Kagawad**

**KGG. DANILO R. INTAC**
**Kagawad**

**KGG. MERIAM S. CATAPANG**
**Punong Barangay**

Republic of the Philippines
Province of Batangas
City of Batangas
**Brgy. Tinga Labac**

**OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANGLUNGSOD**
BATANGAS CITY

TO WHOM IT MAY CONCERN:

GREETINGS!

This is to officially endorse to your good office the copy of our BARANGAY ORDINANCE NO. 2 S. 2019 "**ORDINANSANG NAGTATAKDA NG SINGIL SA BARANGAY CLEARANCE AT NAGBIBIGAY KAPANGYARIHAN SA PANLUNGSOD NA INGAT-YAMAN NA KOLEKTAHIN ANG BARANGAY CLEARANCE FEE AT MAG-ISYU NG BARANGAY CLEARANCE**" requesting to your approval.

Thank you very much.

Respectfully yours,

MERIAM S. CATAPANG
Punong Barangay